



Earthquake Warning California Frequently Asked Questions (Madalas Na Maitanong) (FAQ)

Bilang isang awtoridad ng Emergency Management (Pamamahala ng Emerhensya) para sa Estado ng California, ang California Office of Emergency Services (Cal OES) ay gumagawa ng maagap na paglapit sa pagtugon ng mga panganib, mga pagbabanta, at mga kahinaan ng mga taga-California, kabilang ang mga lindol. Ang sumusunod ay ang mga tugon sa katanungang madalas tinatanong (FAQ) kaugnay sa programa ng "Earthquake Warning California," Cal OES na maagang babala ng lindol. Para sa karagdagang impormasyon at pinakahuling mga pag-update sa Earthquake Warning California, mangyaring bisitahin ang aming website: earthquake.ca.gov

Ano ba ang Earthquake Warning California?

Ang Earthquake Warning California ay ang pangalan ng sistema sa babala ng lindol sa California. Ang Earthquake Warning California ay gumagamit ng pinakahuling teknolohiya, kabilang ang mga aplikasyon ng smartphone at Wireless Emergency Alerts (WEA), upang magbigay sa mga indibidwal ng babala sa lindol pagkatapos na ang pagyanig ay matukoy sa pamamagitan ng pagmo-monitor sa paggalaw ng lupa sa California. Ang babala ng lindol ay idinisenyo upang abisuhan ang mga indibidwal sa loob ng lugar na epicenter ng lindol ilang mga segundo hanggang ilang mga minuto bago ang lindol ay mararamdaman ng mga tao, nagbibigay ng oportunidad na magsasagawa ng mga pagkilos ng pagliligtas ng buhay tulad ng Pagdapa, Pagtago, at Pag-antabay.

Paano nakatutulong ang Earthquake Warning California sa mga taga-California?

Si Gobernador Newsom at ang Lehislatura ay gumawa ng makabuluhang mga pagpupuhunan upang pondohan ang pagpapalano ng sakuna at pagkakahanda -- kabilang ang mga alerto na maagang babala ng lindol -- sa Budget Act ng 2019. Ang pinagtibay na budget noong nakaraang taon ay kabilang ang \$16.3 milyong isang-beses na Pangkalahatang Pondo na dolyares upang tapusin ang pagtatayo ng sistema, kabilang ang pagtatapos sa pag-instala ng seismic station, pagdadagdag ng mga himpilang GPS sa network, pagpapabuti sa telemetry at paglulunsad ng kampanya sa edukasyon. Ang budget ng Gobernador para sa piskal na taong 2020 ay nagsasama ng karagdagang nakalaang-gugulin na \$17.3 milyon, suportado ng isang-beses na loan sa parehong halaga mula sa School Land Bank Fund, para sa buong pagpapatakbo at pagpapanatili ng sistema.

Bakit mahalaga ang pagkakaroon ng sistema ng babala sa lindol?

Ang mga bansang nanganganib sa lindol tulad ng Mexico at Japan ay matagal nang nagkaroon ng mga sistema ng maagang pagbabala ng lindol, na may mga alerto na karaniwang inihatid sa pamamagitan ng mga telepono o mga sistema ng pag-aadres sa publiko. Gayunpaman, ang California ay ang unang estado ng Estados Unidos na nag-aalok ng sistema ng maagang babala ng lindol sa buong estado.

Kailan ipinahayag ng Cal OES ang Earthquake Warning California?

Noong Oktubre, sa ika-30 anibersaryo ng nakamamatay na lindol na pinangalanang Loma Prieta, si Gobernador Newsom [ay nagpahayag](#) sa paglunsad ng unang buong-estado sa bansa na Earthquake Early Warning System, na kung saan ay nag-aasawa sa bagong [aplikasyon ng smartphone](#) na tinaguriang "MyShake" na may tradisyonal na alerto at mga paraan sa paghahatid ng babala tulad ng [Wireless Emergency Alerts \(WEA\)](#). Noong Agosto 2020, binuksan ng Cal OES ang bagong pangalan para sa programa -- ang Earthquake Warning California.

Paano gumagana ang sistema?

Sa isang paglindol, isang nalagot na bitak sa lupa ay nagpapadala ng dalawang magkakaibang mga uri ng pag-alon. Ang mabilis na kumikilos na P-wave ay unang darating, ngunit ang pinsala ay sanhi ng mas mahinang S-waves at mga pag-alon sa surface. Ang mga sensor ay matutukoy ang P-wave at kaagad ita-transmit ang data sa sentro ng babala sa lindol na kung saan ang lokasyon at sukat ng lindol ay tutukuyin at ia-update kapag mas marami nang data ang makukuha. Ang mensahe mula sa sentro ng babala ay kaagad ita-transmit sa mga user.

Gaano katagal ang oras na matatanggap ng mga tao at ano ang magagawa nila sa mga oras na iyon?

Ang mga babala ay maaaring magbigay ng segundo hanggang sa ika-sampung ng mga segundo upang gumawa ng kilos. Kahit ilang mga segundo ng paunang paunawa ay maaaring makapagligtas ng buhay. Sa pinakamababa, ang mabilis na mga babalang tugon ay magpahintulot sa mga user na dumapa, pagtago, at mag-antabay sa panahon ng lindol.

Ano ba ang MyShake App?

Ang MyShake App ay isang tool ng babala sa lindol na binuo ng UC Berkeley, sa pakikipagtulungan ng USGS ShakeAlert at Cal OES. Ang MyShake App ay magpapadala ng babala sa mga user ng smartphone na nag-install ng app sa lugar ng lindol pagkatapos na ang mga sensor ng lupa ay makatukoy ng makabuluhang pagayanig. Dapat na paganahin ng mga user ng MyShake App ang mga serbisyo ng lokasyon sa kanilang mga aparatong mobile upang makatanggap ng mga babala sa lindol, dahil ang teknolohiya ay magbigay alam lamang sa mga user na nasa malapit na lugar kapag ang pagyanig ay mangyayari. Ang app ay makukuha ng mga aparatong mobile na walang bayad sa pamamagitan ng Google Play store at Apple App store.

Paano gumagana ang MyShake App?

Ang MyShake App ay gumagamit ng umiiral na teknolohiya ng smartphone upang kapwa matukoy at mag-iisyu ng mga babala ng lindol. Halos 1.1 milyong tao ay nakapag-download at lumalahok sa proyektong agham ng mamamayan upang

matukoy ang mga lindol at magbigay ng mga seismic waveforms sa pananaliksik. Ang MyShake App ay tumutuon upang bumuo ng pakikipagsosyo sa pagitan ng komunidad ng pananaliksik sa seismology at ng kalahatang publiko na naglalayon na mapapagaan ang mga epekto ng mga lindol. Nakakamit ng MyShake App ang layunin na ito sa pamamagitan ng paggawa ng mga smartphone na mga sensor upang kumulekta ng data sa lindol at ihahatid ang data ng lindol na iyon sa mga user bilang babala.

Anong data ang kinokolekta at paano ito gagamitin?

Mayroong halos 800 na mga sensor ang inilagay sa buong estado na maaaring matukoy ang pangunahing mga pag-alon. Kapag na-trigger ng lindol ang isa sa mga sensor, ang data na iyon ay saka ipapadala sa mga sentro na nagpoproseso upang ituro ang lindol at ang magnitude. Ang data na ito ay saka ibinahagi sa mga user sa pamamagitan ng ShakeAlert. Kapag natanggap na ng mga user ang kanilang babala sa lindol, ang mga user ay maaaring makapagbigay alam sa MyShake sa naramdaman nila o hindi nila nararamdaman na lindol. Maaaring gamitin ng mga seismologist ng MyShake ang data na ito upang alamin ang higit pa tungkol sa mga dinamika ng lindol sa mga lugar at bumuo ng mga teknolohiya ng maagang babala sa lindol sa mga lugar na madaling magkaroon ng lindol.

Pumapayag ba ang app sa mga user na i-customize ang mga babala para sa tinukoy na mga lokasyon?

Oo, sa kasalukuyan ang tampok na ito sa bersyon ng Android na kung saan ang mga user ay maaaring magtakda ng tatlong mga lokasyon na may pagkokontrol sa saklaw na milya at magnitude ng lindol. Inaasahan namin na ang iPhones ay magkaroon ng tampok na ito sa hinaharap.

Ano ang kaibahan sa pagitan ng mga babala ng MyShake at WEAs?

Ang mga Babala, o mga ShakeAlerts, ay awtomatikong ipinadala sa mga user na kung saan ang lindol ay nangyari at naramdaman. Dapat paganahin ng mga user ang mga serbisyo ng lokasyon sa kanilang telepono upang makatanggap ng mga babala sa lindol. Ang pagkatanggap ng babala ay magkakaiba depende sa distansya ng indibidwal o negosyo mula sa epicenter ng lindol. Kapag mas malapit ang user, mas maikli ang oras sa pagtanggap; kapag sila ay mas malayo, mas matagal na matatanggap ang babala.

Ang mga babala sa MyShake App ay maipapadala ilang minuto matapos na ang lindol ay maidagdag sa pandaigdigang katalogo ng United State Geological Survey (USGS).

Ang Wireless Emergency Alerts (WEA) ay isang pambansang, mensahe na parang-teksto na ibinahagi ng may kakayahang mga aparatong mobile ng WEA sa panahon ng mga sitwasyon ng emerhensya. Ang sistema ng WEA ay nagbabahagi ng magkakaibang mga babala tulad ng amber alert, alerto ng pambansang emerhensya, alerto ng sunog sa kagubatan, alerto ng lindol, at mga alerto para sa nalalapit na mga pagbabanta. Para sa isang paglindol, ang mga taga-California ay maaaring makatanggap ng ShakeAlert at WEA. Gayunpaman, ang WEAs ay ipapadala sa mga indibidwal na nasa mga lugar na ang lindol ay mas malakas sa 4.5 na inaasahan. Para dahilang ito, inirekomenda namin sa lahat ng mga taga-California na mag-download ng MyShake App.

Ano ba ang mga benepisyo ng mga babala na ito?

Ang ilang mga segundo na babala ay magbibigay ng mga oportunidad ng pagligtas ng buhay. Sa isang malubhang lindol, ang seryosong pagayanig ay magpapatumba ng mga indibidwal sa baba at magresulta ng pagkasira ng gusali at pinsala.

Babala sa Publiko – Nagbibigay sa mga taga-California ng oportunidad na gumawa ng mga kilos na pangprotekta tulad ng "Pagdapa, Pagtago, at Pag-antabay" at papatayin ang mga kagamitan tulad ng tubig, kuryente, at gas.

Mobilisasyon ng Unang Tagatugon – Magbubukas sa mga pinto ng himpilan ng bumbero para sa mabilis na pagpadala ng kagamitan na pantugon sa emerhensya at mga tauhan.

Pag-alaga sa Kalusugan – Nagbibigay alam sa mga tagapagbigay ng medikal upang patatagin at/o itigil ang maselang mga pamamaraan at pananatilihin ang kritikal na medikal na pasilidad ng pagpapatakbo.

Kagamitan ng Imprastruktura– Ligtas na nagbabantay sa sector grid ng enerhiya at ibang mga kagamitang imprastruktura para sa malakas na pagyanig kasama ang babalang mga alarma at awtomatikong mga kontrol upang mapigilan ang pagkasunog, pagbaha, at kawalan ng mga sistema sa pagbabahagi ng tubig.

Mass Transit – Pumipigil ng nakamamatay na banggaan o mga pagkawasak sa pamamagitan ng awtomatikong paghihina at/o humihintong mga tren, paglilikas sa mga tulay, paglipat ng papasok na trapiko sa paliparan.

Kaligtasan sa Lugar ng Trabaho – Pinapayagan ang mga kawani na gumawa ng mga pagkilos na pangprotekta, simulan ang mga pamamaraan sa pagpapabalik ng elevator sa ground floor, ilagay ang sensitibong kagamitan sa ligtas na mode, ilagay sa seguro ang mapanganib na mga materyales, at itigil ang mga linya ng produksyon upang mababawasan ang pinsala.

Emerhensya/ Unang Tagatugon – Ang mga himpilan ng bumbero at mga paramediko ay maaaring ihanda ang mga sasakyan at mabilis na makatugon sa darating na mga emerhensya.

Mga Negosyo at Kaligtasan ng Kawani -- Ang mga kawani ay maaaring magpatupad ng mga planong pagtugon sa emerhensya, maghanda para sa paglikas, at magseguro ng mahalagang mga dokumento.

Ano ang ibang mga wika na available sa My Shake App?

Ang MyShake App ay available sa wikang Ingles at Espanyol, na may karagdagan pang darating na mga wika.

Gaano ba maasahan ang MyShake App?

Ang mga user ay maaaring makakaranas ng maling mga alarma o hindi nakuha na mga babala. Ito ay maaaring mangyari kapag ang lokasyon o magnitude ng aktuwal na lindol ay mali, o kapag ang sistema ay nagtala ng maling pagyanig ng lupa. Kinikilala namin na ang app ay isang gawaing nagpapatuloy. Dahil mas maraming mga taga-California ang nag-download ng MyShake App, at nag-ulat ng maling mga babala, ang sistema ay maaaring mai-update at pagbutihin ang mga babala sa hinaharap.

Paano nakikipagtulungan ang Cal OES sa operating system ng Google at Android?

Ang Cal OES ay nakikipagtulungan kamakailan sa Google upang ipahayag na ang teknolohiya ng Google ay awtomatikong isasama sa milyun-milyong mga teleponong Android na ginagamit sa California, na hindi na kailangang mag-download ng hiwalay na app. Gaya ng MyShake, ang bagong teknolohiya ng Google ay idinisenyo upang magbigay ng ilang mga segundo ng babala bago ang lupa ay magsimulang yumanig mula sa malapit na pagyanig -- may sapat na oras na dumapa, pagtago, at mag-antabay upang makatulong na pigilan ang pinsala. Ang mga babala ay nilikha ng seismic sensor data na ipinoproseso sa sentralisadong mga site, pagkatapos ang data feed ay ihahatid sa mga telepono sa Android sa pamamagitan ng kanilang operating system.

Paano ako magiging isang third-party na kasosyo?

Lagi naming malugod na sinasalubong ang mga kasosyong third-party na tutulong sa pamamahagi ng mensahe at impormasyon sa sistema ng babala ng alerto sa lindol ng Cal OES. Hinikayat namin ang interesadong mga indibidwal, mga organisasyon, at mga negosyo na mag-sign up para sa aming buwanang toolkit sa earthquake.ca.gov.

Kung ikaw ay isang negosyo o isang organisasyon na interesado sa Cal OES na dumadalo sa isang pangyayari o pagpapakita sa iyong organisasyon, mangyaring mag-email sa earthquakeinfo@caloes.ca.gov

Paano ako makatanggap ng karagdagang impormasyon tungkol sa mga babala ng lindol at kaugnay na mga mapagkukunan?

Mayroong ilang mga paraan para sa mga indibidwal o mga organisasyon upang maghanda para sa isang emerhensya tulad ng lindol:

- I-download ang MyShake App at paganahin ang mga serbisyo ng lokasyon upang makatanggap ng mga babala ng lindol. Ang app ay makukuha upang mai-download sa [Google Play](https://play.google.com/store/apps/details?id=com.shake) para sa Android at ang [Apple Store](https://www.apple.com/iphone/ios/app/myshake) para sa iPhone.
- Magkaroon ng planong angkop muna ikaw ay makakilos kaagad kung makatanggap ka ng babala ng lindol sa MyShake, Android o WEA. Gumawa ng plano na DUMAPA, MAGTAGO, at MAG-ANTABAY sa mga lugar na kung saan ka nakatira, nagtrabaho, at naglaro.

- Bumisita sa earthquake.ca.gov para sa impormasyon at ibang mga mapagkukunan upang tumulong na maghanda para sa mga lindol sa California.
- Sundan ang Cal OES sa social media:
 - Facebook <https://www.facebook.com/CaliforniaOES>
 - Twitter @Cal_OES
 - YouTube <https://www.youtube.com/user/CalEMATV>
 - Instagram @cal_oes